

# **Pangkalahatang Halalan sa Batasang Konseho 2020**

## **Gabay sa Halalan**

### **Petsa at Oras ng Pagboto**

- Araw ng botohan: Ika-6 ng Setyembre 2020 (Linggo)
- Oras ng botohan: 7:30 a.m. – 10:30 p.m. (maliban sa mga itinalagang mga istasyon ng botohan na matatagpuan sa mga bilangguan kung saan ang mga oras ng botohan ay mula 9:00 a.m. hanggang 4:00 p.m.)

### **Panahon ng Nominasyon**

- Panahon ng nominasyon sa kandidatura: Ika-18 hanggang ika-31 ng Hulyo 2020
- Maaaring ma-download ang mga form ng nominasyon mula sa websayt ([www.reo.gov.hk](http://www.reo.gov.hk)) ng Registration and Electoral Office (“REO”), o makukuhang libre sa mga sumusunod na tanggapan:
  - (a) Mga Tanggapang Pandistrito
  - (b) Tanggapan ng mga Returning Officer
  - (c) Mga tanggapan ng REO (10/F, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai, Hong Kong o Unit 2301-03, 23/F, Millennium City 6, 392 Kwun Tong Road, Kwun Tong, Kowloon)

## **Gabay sa Batasang Konseho**

### **Bumubuo ng Batasang Konseho**

- Ang Ikapitong Batasang Konseho (2020-2024) ay binubuo ng 70 Mga Miyembro, na may 35 na ibabalik sa mga heograpikal na konstituensya sa pamamagitan ng mga direktang halalan at ang ibang 35 sa mga konstituensya ng magkakaibang industriya.
- Ang termino ng opisina na magsisimula sa ika-1 ng Oktubre 2020 ay apat na taon.

### **Heograpikal na Konstituensya (“GC”) – 35 Puwesto**

- |                      |           |
|----------------------|-----------|
| (1) Hong Kong Island | 6 puwesto |
| (2) Kowloon West     | 6 puwesto |
| (3) Kowloon East     | 5 puwesto |

- |                          |           |
|--------------------------|-----------|
| (4) New Territories West | 9 puwesto |
| (5) New Territories East | 9 puwesto |

*Sistema ng pagboto: Sistemang paglilista ng proporsyonal na representasyon*

**Mga Konstituwensya ng Magkakaibang Industriya (“FC”) – 35 Puwesto**

- |  |           |
|--|-----------|
| (1) Heung Yee Kuk*   | 1 puwesto |
| (2) Agrikultura at Pangingisda*                                    | 1 puwesto |
| (3) Insurance*   | 1 puwesto |
| (4) Transportasyon*  | 1 puwesto |
| (5) Edukasyon  | 1 puwesto |
| (6) Legal  | 1 puwesto |
| (7) Accountancy  | 1 puwesto |
| (8) Medikal  | 1 puwesto |
| (9) Mga Serbisyong Pangkalusugan                                   | 1 puwesto |
| (10) Engineering   | 1 puwesto |
| (11) Arkitektural, Pagsusukat ng Lupa,<br>Pagpaplano at Landscape  | 1 puwesto |
| (12) Paggawa   | 3 puwesto |
| (13) Kapakanang Panlipunan   | 1 puwesto |
| (14) Real Estate at Pagtatayo                                      | 1 puwesto |
| (15) Turismo   | 1 puwesto |
| (16) Pangkalakalan (una)   | 1 puwesto |
| (17) Pangkalakalan (ikalawa)                                       | 1 puwesto |
| (18) Pang-industriya (una)   | 1 puwesto |
| (19) Pang-industriya (ikalawa)                                     | 1 puwesto |
| (20) Pananalapi  | 1 puwesto |
| (21) Mga Serbisyong Pananalapi                                     | 1 puwesto |
| (22) Palakasan, Sining sa Pagtatanghal,<br>Kultura at Paglalathala | 1 puwesto |
| (23) Import at Export  | 1 puwesto |
| (24) Mga Tela at Damit   | 1 puwesto |
| (25) Wholesale at Retail   | 1 puwesto |

(26) Information Technology	1 puwesto
(27) Kainan	1 puwesto
(28) Konsehong Pandistrito (una)	1 puwesto
(29) Konsehong Pandistrito (ikalawa)	5 puwesto

*Tatlong sistema ng pagboto: (a) ang sistemang preferential elimination sa pagboto para sa unang apat na natatanging FC na may markang\*; (b) ang sistemang paglilista ng proporsyonal na representasyon para sa (ikalawa) FC sa Konsehong Pandistrito; at (c) ang first-past-the-post na sistema sa pagboto para sa natitirang 24 na mga ordinaryong FC.*

### **1-Tao-2-Boto**

- Ang bawat botante ay magkakaroon ng isang boto para sa heograpikal na konstituensya at isang boto para sa konstituensya ng magkakaibang industriya.
- Lahat ng botante sa heograpikal na konstituensya na hindi nakarehistro sa 28 na tradisyonal na magkakaibang industriya ay puwedeng magparehistro sa Konsehong Pandistrito (ikalawa) FC.

### **Sino ang Maaaring Bumoto?**

- Ang mga rehistradong botante na ang mga pangalan ay kasama sa Ganap na Talaan ng Mga Botante sa 2020 ay maaaring bumoto sa halalan. Bilang ng mga botante:

[www.voterregistration.gov.hk/eng/statistic2020.html](http://www.voterregistration.gov.hk/eng/statistic2020.html)

### **Bakit Boboto?**

- Upang maghalal ng Miyembro ng Batasang Konseho para sa kani-kanilang heograpikal na konstituensya at/o konstituensya ng magkakaibang industriya.
- Upang maisagawa ang karapatang sibiko at tuparin ang mga sibikong responsibilidad.

### **Saan Boboto?**

- Ang bawat botante o awtorisadong kinatawan (“AR”) ay itatalaga sa isang nakalaang istasyon ng botohan malapit sa adres ng kanyang tirahan na nakarehistro sa Ganap na Talaan ng Mga Botante sa abot ng magagawa.
- Ang mga botante na nasa kustodiya ay itatalagang bumoto sa mga nakalaang istasyon ng botohan sa mga bilangguan o himpilan ng pulisya kung naaangkop.
- Ang isang kard ng botohan na nagpapakita ng impormasyon tungkol sa itinalagang istasyon ng botohan ng isang botante o AR ay ibibigay sa bawat botante o AR hindi bababa

sa 10 araw bago ang araw ng botohan.

- Kung ang istasyon ng botohan na inilaan sa isang botante ay napupuntahan ng mga taong may natatanging pangangailangan (mga gumagamit ng wheelchair o mga taong may kahirapan sa pagkilos) ay isasaad sa mapa na kalakip ng kard ng botohan. Kung ang itinalagang istasyon ng botohan ay hindi madaling puntahan, ang mga botanteng ito o mga AR ay maaaring mag-apply sa REO na bumoto sa isang istasyon ng botohan na nararating ng mga gumagamit ng wheelchair sa pamamagitan ng fax (2891 1180), sa email ([reoenq@reo.gov.hk](mailto:reoenq@reo.gov.hk)), sa telephone (2891 1001) o sa koreo (10/F, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai, Hong Kong) na hindi lalampas sa ika-1 ng Setyembre 2020.
- Kung ang mga botante ay nangangailangan ng tulong sa pagsasalin ng impormasyon sa pagboto, maaari nilang tawagan ang Sentro Para sa Etniko Minorya (“CHEER”) sa pamamagitan ng mga sumusunod na hotline mula ika-24 hanggang ika-28 ng Agosto, at mula ika-31 ng Agosto hanggang ika-6 ng Setyembre 2020.

<b>Wika</b>	<b>Numero ng Hotline</b>
Bahasa Indonesia	3755 6811
Hindi	3755 6877
Nepali	3755 6822
Punjabi	3755 6844
Tagalog	3755 6855
Thai	3755 6866
Urdu	3755 6833
Vietnamese	3755 6888

### **Paano Bumoto?**

- Dalhin ang orihinal na kopya ng iyong Hong Kong Identity Card (“HKID card”) o ibang tinukoy na alternatibong (mga) dokumento (mangyaring sumangguni sa seksyon ng “(Mga) Kailangang Dokumento para sa Pangongolekta sa (mga) Balota” sa ibaba para sa mga detalye) sa iyong nakatalagang istasyon ng botohan sa ika-6 ng Setyembre 2020 (Linggo) sa mga oras ng botohan (7:30 a.m. hanggang 10:30 p.m.).
- Ipakita ang orihinal na HKID kard o iba pang mga tinukoy na alternatibong (mga) dokumento sa mga kawani ng botohan sa loob ng istasyon ng botohan na magpapatunay sa iyong impormasyon na nasa Panghuling Talaan ng Mga Botante.
- Ikaw ay bibigyan ng (mga) papel ng balota, depende sa iyong karapatan, at isang cardboard na may kasamang pantatak na "✓". Ang GC at Konsehong Pandistrito (ikalawa) FC na mga balota ay paunang tiniklop ng mga kawani ng botohan. Bibigyan din ng isang itim na pansulat ang botante o AR ng apat na natatanging FC (i.e. FC ng Heung Yee Kuk, FC

ng Agrikultura at Pangangisda, FC ng Insurance at FC ng Transportasyon). Pagkatapos nito, dapat kang agad na tumuloy sa isa sa mga kompartimento ng botohan.

- Dapat mong markahan ang iyong (mga) balota sa loob ng isang kompartimento ng botohan. Mangyaring sundin ang mga tagubilin na ibinigay ng mga kawani ng botohan pati na rin ang mga nakalimbag sa (mga) balota at mga paunawa sa loob ng kompartimento ng botohan.
- Ikaw (maliban sa mga botante o mga AR ng apat na natatanging FC) ay dapat gumamit ng pantatak na nakalakup sa cardboard upang magtatak ng "✓" sa loob ng bilog na katapat ng listahan ng (mga) kandidato o pangalan ng napili mong kandidato sa balota.
- Para sa mga botante o mga AR ng apat na natatanging FC, mangyaring gamitin ang itim na panulat na ibinigay sa iyo upang markahan ng Arabeng numero "1" sa loob ng bilog na katapat ng pangalan ng kandidatong una mong kagustuhan at Arabeng numero "2" sa tapat ng pangalan ng kandidatong pangalawa mong kagustuhan, at iba pa. Dapat mong markahan ang unang kagustuhan sa isang kandidato lamang.
- Kung ikaw ay nagkamali sa pagmarka sa balota o hindi sinadyang masira ang balota, maaari mong ibalik ang balotang iyon sa Namamahalang Opisyal at humingi ng kapalit.
- Pagkatapos markahan ang balota:
  - (a) ang botante ng GC ay dapat na tupiin ang balota ng isang beses ayon sa paunang pagtiklop ng mga kawani ng botohan upang ang markadong bahagi ay nasa loob nang maikubli ang "✓" bago ito ilagay sa kahon ng balota;
  - (b) ang botante ng (ikalawa) FC sa Konsehong Pandistrito ay dapat parehong tupiin ang balota ng isang beses at pagkatapos ay ilagay ito sa puting kahon ng balota; at
  - (c) ang botante o AR ng ibang mga FC ay hindi dapat tupiin ang balota, ngunit iharap ito pababa at ilagay ito sa pulang kahon ng balota.

### **(Mga) Kailangang Dokumento para sa Pangongolekta ng (Mga) Balota**

- May bisa mula ika-10 ng Disyembre 2018, ang taong nag-apply para sa (mga) balota ay dapat ipakita ang kanyang orihinal na HKID kard o ang mga sumusunod na tinukoy na alternatibong (mga) dokumento:
  - (a) ang orihinal na may bisang Pasaporte ng Hong Kong Special Administrative Region ("HKSAR"); o
  - (b) ang orihinal na Sertipiko ng Iksemsyon; o
  - (c) ang orihinal na kumpirmasyon ng aplikasyon para sa HKID kard; o
  - (d) ang orihinal na may bisa na aklat ng pagkakakilanlan ng marinero; o
  - (e) ang orihinal na may bisang dokumento ng pagkakakilanlan para sa visa; o

- (f) isang dokumento na nagpapatunay ng pagbibigay-ulat sa opisyal ng pulisya ng pagkawala o pagkasira ng HKID kard o Sertipiko ng Iksemsyon o kumpirmasyon ng aplikasyon para sa HKID kard (mas kilala sa tawag na “a memo of lost property”), kasama ang orihinal na may bisa na pasaporte o katulad na dokumento ng paglalakbay (hal. isang pasaporte maliban sa pasaporte ng HKSAR o ang Home Return Permit) na nagpapakita ng kaniyang pangalan at larawan.
- Para sa mga detalye, mangyaring sumangguni sa Seksyon 50 ng Alituntunin ng Komisyong Panghalalan (Pamamaraan sa Halalan) (Batasang Konseho) Regulation (Cap. 541D).

### **Talang-gabay sa mga Botante**

- Ayon sa Ordinansa ng Halalan (Tiwali at Illegal na gawain) (Cap. 554) na ipinatutupad ng Malayang Komisyon Laban sa Katiwalian (“ICAC”), ang isang botante sa Hong Kong o sa ibang lugar ay HINDI DAPAT:
  - (a) Humingi o tumanggap ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan mula sa sinumang tao para huwag bumoto sa halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang kandidato.
  - (b) Mag-alok ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan sa sinumang tao bilang isang paghikayat o gantimpala upang huwag bumoto sa isang halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang kandidato o mga kandidato.
  - (c) Gumamit o magbantang gumamit ng dahas o pananakot laban sa sinumang tao para hikayating bumoto o huwag bumoto sa isang halalan, o bumoto o huwag bumoto para sa isang kandidato o mga kandidato.
  - (d) Hikayatin ang sinumang tao sa pamamagitan ng panlilinlang upang bumoto o huwag bumoto para sa isang kandidato o mga kandidato sa isang halalan, o huwag bumoto sa isang halalan, o hadlangan o pigilan ang sinumang tao sa pagboto sa isang halalan sa pamamagitan ng panlilinlang.
  - (e) Bumoto sa isang halalan kahit na alam mong wala kang karapatang gawin ito.
  - (f) Bumoto sa isang halalan pagkatapos na sinadya o walang ingat na pagbibigay ng mali o nakalilinlang na impormasyon (hal. maling adres ng tirahan) sa isang opisyal ng halalan.
- Ang ICAC ay nagtayo ng Websayt sa Malinis na Halalan at nagbibigay ng mga makabuluhang impormasyon (sa parehong Ingles at Tsino). Mangyaring puntahan ang [www.icac.org.hk/elections](http://www.icac.org.hk/elections).
- Ang mga sumusunod na mga gawain ay ipinagbabawal din:

- (a) Makipag-usap sa ibang mga botante kabilang ang pagpapakita ng iyong boto sa balota sa iba o paggamit ng mga mobile phone o anumang ibang kasangkapan para sa elektronikong komunikasyon sa loob ng isang istasyon ng botohan.
- (b) Mag-bidyo, kumuha ng mga larawan o gumawa ng anumang pag-rerekord ng tunog o bidyo sa loob ng isang istasyon ng botohan.
- (c) Hilingin sa ibang botante na markahan ang iyong balota. Kung kinakailangan, maaari mong hilingin sa Namamahalang Opisyal na markahan ang iyong balota sa presensya ng opisyal ng halalan.
- (d) Mang-abala ng ibang botanteng bumoboto.